# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 42 BILANG 4 | BASAHIN AT TALAKAYIN | APRIL 2022

EDITORYAL

## Makibaka't kumilos upang labanan ang alyansang MAD

Nabibigyang pag-asa ang sambayanang Pilipino na malapit nang magwakas ang tiranikong paghahari ni Duterte sa nasasaksihang dumadaluyong na mga pagkilos at suporta para kay Leni Robredo, ang nangungunang kandidato ng oposisyon sa eleksyong 2022. Laksa-laksa hanggang mahigit daang libo ang dumadalo sa mga rali ng tambalang Leni-Kiko mula sa iba't ibang uri at sektor sa masisiglang pagtitipon sa Luzon, Visayas at Mindanao. Dumarami ang mga personalidad, mga grupo at sektor na nagpapahayag ng pagsuporta sa tambalang Leni-Kiko. Pinakamarami ang mula sa hanay ng uring anakpawis na mayorya ng populasyon sa bansa, mga kabataan, panggitnang pwersa at iba pang pinagsasamantalahan at inaaping sektor ng mamamayang Pilipino. Malinaw ang mensahe sa mga rali ng oposisyon—dapat nang palitan ang bulok at pasistang diktadura na nagpahirap sa bayan sa nakaraang anim na taon.

Ang dumadaluyong na kilusang masa ngayong eleksyon ay salaminan ng marubdob na pagtatakwil ng bayan sa tiranya ng rehimeng US-Duterte at ng diktadurang Marcos at sa kabilang panig, ng paghahangad para sa isang masagana, makatarungan at tunay na demokratikong lipunan. Nakikita ng malaking bilang ng mga Pilipino na naniniwala pa sa reaksyunaryong halalan na ang eleksyong pampanguluhan sa Mayo 9 ay pagkakataon para makamit ang hangarin para sa isang tunay na maunlad na bansa. Malaon na nilang kahilingan ang pagbasura sa gubyerno ni Rodrigo Duterte at pagbigong mailuklok ang tambalang Bongbong Marcos at Sara Duterte ng UniTeam, ang kinatawan ng pinakamasahol na mandarambong, korap, mamamatay-tao at papet na mga dinastiyang pulitikal sa kasaysayan ng Pilipinas.

Nanginginig ang tuhod ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) na nasa likod ng UniTeam sa bumubulwak na kilusang masa laban sa korapsyon, pagsupil sa karapatang demokratiko ng bayan, *red-tagging*, malubhang pag-abuso sa kapangyarihan at kawalang pananagutan na lumulunod sa tema ng kampanyang elektoral ng tambalang Leni-Kiko. Lalo silang nababahala dahil habang lumalawak ang suporta



KALATAS
Abril 2022
TOMO 42 BILANG 4

NILALAMAN

1 Makibaka't kumilos upang labanan ang alyansang MAD
4 Tugon ni PdG: Ano ang adyenda na dapat suportahan at tupdin ng mga makabayan at tunay na lingkod bayan?
6 Kilos Protesta: 1,000 residente ng Brooke's Point, Palawan, nagprotesta laban sa mina
7 #NeverAgain: Ang pagdaluyong ng kilusang kabataan sa TK sa panahon ng Martial Law
8 Bantay Karapatan: Mangyan-Buhid na tinortyur ng 4th IBPA, nagpakamatay
9 Balitang TO: BHB-TK, binigwasan ang AFP-PNP sa mga labanan ngayong Abril
10 Bantay Karapatan: Pang-aaresto at panggigipit sa TK sa huling mga buwan ni Duterte
10 Bantay Karapatan: Kabuhayan ng mga taga-Quezon, damay sa red-tagging ng 85th IBPA
11 Bagsak presyo ng sibuyas, pahirap sa mga Mindoreño
12 Komiks: Digmang Bayan: Sagot sa Terorismo ng Estado

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

sa kandidato ng oposisyon ay tumatamlay naman ang kandidatura ni Bongbong Marcos (BBM) sa pagka-presidente. Pinuputakte siya ng mga kritiko sa duwag na pag-iwas sa mga debate, di pagbabayad ng buwis at pagsisinungaling tungkol sa mga krimen ng kanyang pamilya. Patuloy na pinapaksa ang Martial Law at pananagutan ng mga Marcos dito sa mga talakayang bayan, mapa-tradisyunal na daluyan o *social media*. Paparaming mga tagasuportang pulitiko mula sa kampo ni Marcos at sa mga pakawalang kandidato ng alyansang MAD ang umalis at sumanib sa Kakampink para protektahan ang makasariling interes at makinabang sa boto ng dumadaluyong na suporta para kay Robredo.

Nagkukumahog sina BBM at Sara Duterte na magpakitang-gilas at makipagsabayan sa malalaking *sortie* ng kampo nina Robredo-Pangilinan. Nagbuhos ang UniTeam ng malaking pondo para sa mga sariling rali subalit hindi nila napantayan ang sigla, bolunterismo at enerhiyang dala ng masa sa mga rali ng Kakampink. Ampaw at walang kalatoy-latoy ang mga *sortie* ng UniTeam na eksaktong larawan ng kampanya ng mga tradisyunal na pulitikong naglalako ng mga hungkag na pangako para linlangin ang masang botante.

Hiinihila rin pababa ang UniTeam ng panloob na tunggalian ng mga naghaharing uri. Kaduda-duda ang pagsulpot ng RoSa o tambalang Robredo-Sara na itinutulak ng ilang malaking pulitiko mula sa Mindanao, Visayas at Luzon na may malalim na koneksyon sa rehimeng Duterte. Hindi malayong may kinalaman dito si Rodrigo Duterte na dati nang dumidistansya sa kandidatura ni BBM habang hayagang sumusuporta sa anak. Anumang alyansa ang mayroon sa pagitan ng mga Marcos-Duterte ay magiging mabuway at panandalian dahil sa pagkagahaman ng mga Duterte na manatili sa poder sa anumang paraan.

Sa pag-usad ng kampanya, lumalaki ang disbentahe ng tambalang BBM-Sara Duterte sa mata ng publiko. Para imantine ang ilusyong nangunguna pa rin ang mga ito, patuloy ang paglalabas ng mga pekeng sarbey. Para naman siraan si Robredo na may tsansang talunin si BBM, nagkokoro ang NTF-ELCAC, mga opisyal militar at pati ang dating PNP Chief at kandidatong si Ping Lacson sa pag-*red-tag* kina Robredo-Pangilinan at kanilang mga tagasuporta. Samantala, sa labis na desperasyon, nagsama-sama ang mga pakawalang kandidato ng alyansang MAD na sina Isko Moreno, Panfilo Lacson at Norberto Gonzales para idiskaril ang kampanya ng tambalang Robredo-Pangilinan para makinabang dito ang tambalang BBM-Sara Duterte. Sa isang *press conference* noong Abril 17, nagkoro sina Moreno, Lacson at Gonzales para siraan ang kampo ni Robredo at hilingin ang pag-atras ni Robredo sa laban. Matatandaan na nauna nang inilantad ni Moreno ang sarili bilang pakawalang kandidato ni Rodrigo Duterte gayundin si Lacson na may mahabang koneksyon sa mga krimen at pang-aabuso sa ilalim ng Martial Law ng diktadurang Marcos habang si Gonzales ay dating *national security adviser* ni Gloria Arroyo.

Samantala, isa ang Timog Katagalugan sa mga rehiyon na nais makopo ng alyansang MAD dahil kabilang ito sa mga tinaguriang *vote-rich region* sa bansa. Sa CALABARZON pa lamang, aabot na sa 9.19 milyon ang botante nito ngayong taon mula sa 8.67 milyon noong 2019 habang halos isang milyong botante naman ang nasa isla ng Mindoro.

Una nang kinuha ng MAD ang suporta ng lahat ng mga *incumbent* o kasalukuyang nakaupong gobernador sa Calabarzon at Mimaropa para sa tambalang BBM-Sara. Ang mga ito ay sina Remulla ng Cavite, Hernandez ng Laguna, Ynares ng Rizal, Mandanas ng Batangas at Suarez ng Quezon, Gadiano ng Occidental Mindoro, Dolor ng Oriental Mindoro, Velasco ng Marinduque, Riano ng Romblon at Alvarez ng Palawan. Binuo

rin sa buwan ng Abril ang dating pampulitikang organisasyon sa Timog Katagalugan ang United Nationalist Democratic Organization (UNIDO) para iselyo ang suporta ng mga lokal na pulitiko sa rehiyon sa UniTeam.

Napakaruming maglaro ng MAD at mga kaalyado nito. Buong kawalanghiyaang hinaharang ang mga *sortie* nina Robredo-Pangilinan sa ilang probinsya. Pinakawalan din nito ang mga bayarang *troll* na nagkakalat ng disimpormasyon, pekeng balita at nanghaharas sa mga tagasuporta ni Robredo.

Bukod kay Leni, biktima rin ang mga progresibo't makabayang *partylist* ng walang patumanggang *red-tagging* at demonisasyon ng administrasyon. Marami nang miyembro ng mga progresibong *partylist* ang iligal na inaresto, dinukot, sinampahan ng gawa-gawang kaso at pinatay ng pasistang rehimen sa tabing ng pekeng gera kontra-terorismo. Bahagi ito ng sistematikong panunupil sa lahat ng anyo ng paglaban ng mamamayan upang makapangunyapit sa kapangyarihan si Duterte at ang kanyang sakim na pangkatin. Ipinatutupad ang panunupil bilang patakaran ng estado sa pangunguna ng mga ultra-Kanang heneral at mga ahente ng US na sina Lorenzana, Año at Esperon at gamit ang NTF-ELCAC, Anti-Terrorism Council at AFP-PNP bilang makinarya ng pasismo ng estado.

Inakala ng alyansang MAD na nagtagumpay ang rehimeng US-Duterte na mapipilan ang mamamayan ng pasistang pananalasa sa nakaraang anim na taon kaya't garapalang inilalako ang tambalang BBM at Sara Duterte—ang una'y anak ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr. at ang pangalawa'y anak ng kriminal, mamamatay-tao, pasista at utak ng pinakamalaking sindikatong kriminal sa bansang si Rodrigo Duterte. Lubhang minamaliit ng MAD ang mamamamayang Pilipino. Kailanman ay hindi napatahimik ng pasismo at terorismo ng rehimeng Duterte ang paglaban ng mamamayan. Kahit sa kasagsagan ng pasismo at militaristang tugon sa pandemya, patuloy ang pakikibaka ng mamamayan para sa lupa, sahod, trabaho, karapatan at serbisyong panlipunan. At ngayong eleksyon, papalakas at lumalawak ang pakikibaka upang wakasan ang paghahari-harian ni Duterte.

Ang taimtim na hangarin ng bayan na patalsikin si Duterte ang pinakapuso ng kasalukuyang kilusang masa na umaantig sa daan-daang libong mamamayan na humugos sa mga lansangan at bumubulabog sa naghaharing uri. Ito ang tama at napapanahong panawagan, subalit hindi dapat matali ang pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya sa pag-alis kay Duterte sa poder. Marapat na magkasabay na ibayong pasiglahin ang pampulitikang pagkilos ng masa at pasikarin ang mga pakikibakang bayan para sa kabuhayan, karapatan, demokrasya at panlipunang hustisya. Kailangang iugnay sa pakikibakang anti-MAD ang kahilingan para sa lupa, regular na trabaho at nakabubuhay na sahod, serbisyong panlipunan, pagtatanggol sa karapatang tao, malinis na paggugubyerno at pagtataguyod sa pambansang soberanya.

Kailangan ding ihanda ang mamamayan sa gitgitan at pukpukang labanan sakaling piliin ni Duterte na ipatupad ang mas mararahas na pakana para manatili sa kapangyarihan. Mayor dito ang pandaraya at manipulasyon ng resulta ng halalan para iluklok ang tambalang BBM-Sara dahil kontrolado at hawak ni Duterte sa leeg ang COMELEC at hawak ng kanyang kroni ang lohistika para sa eleksyon. Ang paglalabas ng kampong MAD ng mga pekeng sarbey na nagkokondisyon sa taumbayan sa posibleng maging resulta ng eleksyon.

Nariyan din ang posibilidad na magdeklara ng batas militar bago o matapos ang eleksyon sa pamamagitan ng mga *false flag operation* ng mga ahente ng estado na isisisi pagkatapos sa CPP-NPA-NDFP tulad ng ginawa ni Ferdinand Marcos Sr. na pagbomba sa Plaza Miranda ng *miting de abanse* ng Liberal Party noong Agosto 21, 1971 at kasunod na mga pagbobomba sa iba't ibang panig ng bansa at gawa-gawang pag-ambus kay Juan Ponce Enrile para gawing dahilan sa pagsuspinde ng *writ of habeas corpus* at kasunod na pagdeklara ng Martial Law noong Setyembre 21, 1972. Dapat bantayan ang mga pakanang kaguluhan at mga "akto ng terorismo" na ibibintang sa rebolusyonaryong kilusan para pagmukhaing lehitimo ang pagpapataw ng batas militar. Ginawa na ito dati ng idolo ni Duterte na si Marcos Sr. at 'di malayong ulitin ngayon laluna kung magiging malaki ang kalamangan nina Robredo-Pangilinan sa bilangan ng boto.

Maaari ring gamiting palusot ng rehimen ang pagpasok at pagkalat ng bagong *mutation* ng baryant na Omicron upang ibalik ang militaristang *lockdown* at kontrolin ang populasyon. Tuso itong taktika na layong pigilan ang paghugos ng mamamayan sa mga lansangan para maglunsad ng malalaking protesta na maaaring lumundo sa katulad na pagkilos sa Pag-aalsang EDSA noong 1986.

Hinihingi ng umiinit na kalagayang pampulitika sa mamamayan na maging matatag at hindi maglubay sa pagkilos sa darating na mga araw at buwan. Dapat iwaksi ang takot at maging mapangahas sa pagsalag sa mga imbing pakana ng rehimeng Duterte upang palawigin ang kapit nito sa kapangyarihan. Para magawa ito, kailangang lumawak ang pambansa-demokratikong hanay at maorganisa't mapakilos ang pinakamaraming bilang ng mamamayan.

Napakapaborable ng taktikal na panahong ito kung kailan interesado at tumataya ang malaking bahagi ng populasyon sa eleksyon para isulong ang kanilang pambansa-demokratikong adhikain. Anuman ang kahinatnan ng eleksyon, magpapatuloy ang rebolusyonaryong kilusan sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan upang tupdin ang mithiin ng mamamayang Pilipino para sa tunay na malaya, makatarungan at maunlad na lipunan. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang adyenda na dapat suportahan at tupdin ng mga makabayan at tunay na lingkod bayan?

Ang masiglang partisipasyon ng mamamayan sa kampanyahan ngayong eleksyong 2022 ay tanda ng kanilang marubdob na kagustuhan na tapusin na ang inutil, pahirap at tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte. Itinatakwil nila ang mga maka-dayuhan at kontra-mahihirap na patakaran, ang grabeng pasistang panunupil at ang rehimeng nagpatupad nito. Ang kanilang kagyat na kahilingan: mga kongkretong programa na tutugon sa kahirapang dulot ng nagdaang anim na taon.

Makatwiran ang galit ng bayan sa rehimeng Duterte at bulok nitong gubyerno. Mas pinasahol nito ang epekto ng napakalubhang krisis ng lipunan sa sambayanang Pilipino. Garapalan ang pagsunod ng rehimen sa interes ng mga dayuhan, pagnanakaw sa pondo ng bayan at pagsira sa lokal na ekonomya. Resulta nito, lalong namulubi, nagutom at naging desperado ang mamamayan. Sa pinakahuling kalagayan, iniinda ang taas-presyo ng langis kung saan mas mahal ngayon ng P31 ang litro ng *diesel* habang P20 naman sa gasolina kumpara noong 2021. Kasabay nito ang pagtaas ng presyo ng mga pagkain, yutilidad at upa sa bahay. Pumapalo na ang implasyon nang hanggang 4.9%, kung saan bumaba ang halaga ng salapi at lumiit ang kapasidad na bumili ng mamamayan. Hindi ito dapat pagtakhan dahil napakatagal na walang umento sa sahod at napakaraming Pilipino ang nawalan ng trabaho noong pandemya.

Sa harap nito, dapat gawin ng mga makabayan at tunay na lingkod bayan ang kanilang ganang kaya para iahon ang masang Pilipino mula sa kinasasadlakang lusak. Mayor dito ang pagsusulong ng mga repormang sosyo-ekonomiko na magpapagaan sa pang-araw-araw na buhay ng mamamayan mula kalunsuran hanggang kanayunan, pagbasura sa mga kontra-mahihirap na programang nagiging gatasang baka ng mga burukrata at pagtakwil sa pasistang pamamalakad ng rehimeng US-Duterte at mga tagapagmanang tambalang BBM-Sara.

Kung tutuusin, malaon nang isinusulong at paulit-ulit na inihahapag ng mamamayan ang kanilang adyenda hanggang sa kasalukuyan, sa ilalim ng bulok na pamamahala ng rehimeng Duterte. Isinisigaw ito sa mga protesta sa eskwelahan, pagawaan, *social media* at sa lansangan. Subalit dahil kontrolado ng naghaharing uri ang reaksyunaryong estado, paulit-ulit ring ibinabasura ng gubyerno ang adyenda ng mamamayan at malala pa'y tinatatakan nilang terorista ang mamamayang determinadong nakikibaka para magkatotoo ang kanilang pambansa at demokratikong adhikain. Ang karahasang ito ang naglantad sa rehimeng Duterte, at lahat ng nauna pa sa kanya bilang numero unong kaaway ng sambayanan at balakid sa pagkakamit ng tunay na masagana't makatarungang lipunan.

Para kagyat na ibsan ang paghihirap ng sambayanan, marapat pababain ang presyo ng mga bilihin at bawasan ang buwis na sinisingil sa mamamayan. Kailangang itaas ang sahod para makaangkop sa pagmahal ng mga bilihin at mabuhay nang disente ang mga manggagawa at kanilang pamilya. Dapat tiyakin ang seguridad sa trabaho sa pamamagitan ng pagwawakas sa kontraktwalisasyon at pagpapaunlad sa mga industriyang nagluluwal ng trabaho. Dito sa TK, 80-90% ng mga manggagawa ang kontraktwal at laging nanganganib na mawalan ng hanapbuhay.

Para ibangon ang sektor ng agrikultura na nag-eempleyo sa mayorya ng populasyon, dapat igarantiya ang karapatan sa lupa ng



# 12 PUNTONG PROGRAMA NG NDFP

Sa yugto ng pagtatapos ng rehimeng Duterte at pagpasok ng panibagong rehimen, muling inihahapag ng NDFP ang 12-puntong programa nito na sumasalamin sa layunin ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na higit limang dekada nang isinusulong sa bansa. Sa pamumuno ng PKP-BHB-NDFP, hakbang-hakbang na nagkakamit ng tagumpay ang DRB laban sa mga salot ng lipunang Pilipino—ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

**1** Pagkaisahin ang sambayanan para ibagsak ang sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng digmang bayan at kumpletuhin ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

**2** Itatag ang demokratikong republikang bayan at ang demokratikong gubyernong koalisyon.

**3** Buuin ang Hukbong Bayan at ang sistema ng Tanggulang Bayan.

**4** Itaguyod at isulong ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan.

**5** Wakasan ang lahat ng di-pantay na ugnayan sa US at iba pang bansa at mga dayuhang entidad.

**6** Ipatupad ang tunay na repormang agraryo, itaguyod ang kooperasyong agrikultura, itaas ang produksyon at empleyo sa kanayunan sa pamamagitan ng modernisasyon ng agrikultura at industriyalisasyong rural at tiyakin ang sustenableng agrikultura.

**7** Wasakin ang dominasyon ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan, malalaking kumprador-burges at panginoong maylupa sa ekonomya; ipatupad ang pambansang industriyalisasyon at itayo ang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili.

**8** Ipatupad ang isang kumprehensibo at progresibong patakarang panlipunan.

**9** Itaguyod at paunlarin ang pambansa, siyentipiko at pangmasang kultura.

**10** Itaguyod ang karapatan sa demokrasya at pagpapasya-sa-sarili ng sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

**11** Isulong ang rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan sa lahat ng larangan.

**12** Itaguyod ang aktibo, malaya at mapayapang patakarang internasyunal.

---

*Tugon ni PdG...mula sa pahina 4*

mga magsasaka at itaguyod ang mga makabago at sustenableng pamamaraan ng pagsasaka. Kasabay nito, itigil ang labis na importasyon ng mga produktong agrikultural at sa halip ay isulong ang modernisasyon ng agrikultura upang pataasin ang kapasidad at antas ng lokal na produksyon. Dapat ding isauli at pakinabangan ng mga magsasaka sa niyugan ang pondong *coco levy* na pinagpasasaan ng mga kroni ng diktadurang Marcos at gamitin ito para paunlarin ang industriya ng niyog.

Sa ngayon kung kailan ramdam pa ang epekto ng militaristang *lockdown* at palpak na tugon sa pandemya ng rehimen, malaking bagay ang ayuda para sa mga maralitang pamilya. Dapat ipaglaban ng mamamayan ang paglalaan ng ayuda at mga benepisyaryong dapat na makatanggap nito.

Ang mga tunay na lingkod bayan ay inaasahan ring magtulak sa pagbabasura ng mga neoliberal na patakaran lalo ang Rice Tariffication Law at mga batas na nagpapahintulot sa 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga rekurso at susing industriya sa bansa. Gayundin, dapat tapusin ang Build, Build, Build (BBB) na mayor na sanhi ng pagkakalubog sa utang ng bansa na aabot na ngayon sa higit P12 trilyon. Naging daan ang BBB para gawing lehitimo ang pang-aagaw sa lupa ng mga magsasaka't katutubo at pagpapalayas sa mga maralita't paggiba ng kanilang mga komunidad.

Dapat ding alisin ang TRAIN Law, Oil Deregulation Law, EPIRA at iba pang patakarang nagpapataw ng mabibigat na pasanin sa mamamayan habang binibigyan ng maluwag na insentibo sa pagbubuwis ang malalaking kumpanya at dayuhang kapitalista.

Hindi magagawa ang mga kinakailangang hakbang na sosyo-ekonomiko kung nananatiling nakagapos ang kamay at binubusalan ang bibig ng taumbayan. Ipaglaban ng mamamayan ang kanilang demokratikong karapatan at payabungin pa ang mga pakikibakang naggigiit sa kahilingan ng masang anakpawis. Dapat na buwagin ang mga instrumento ng pasistang estado na sumisikil sa mga karapatang sibil at pulitikal ng mamamayan—ang Anti-Terrorism Council, NTF-ELCAC at ang *military junta* sa likod ng *task force* laban sa COVID-19 na pawang itinayo sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kaakibat nito ang pagbabasura sa Anti-Terrorism Act, EO 70 at MO 32 na nagbigay ng ligal na bihis sa panunupil ng estado sa mamamayan. Dapat ding ipursige ang imbestigasyon, pag-uusig at pagpapanagot sa mga opisyal ng AFP at PNP na utak ng madugong gera kontra-droga ng rehimen, iba pang mga krimen gaya ng Bloody Sunday Massacre at walang habas na pag-atake sa buhay, kabuhayan at karapatan ng mamamayan.

Sa kabilang panig, kailangang palakasin ang mga institusyon at inisyatibang nagtatanggol sa

karapatan ng mamamayan at nagsasakdal at umuusig sa mga lumalabag sa karapatang tao. Kailangang itaguyod ang karapatan ng mamamayan na mag-organisa sa kanilang hanay. Partikular sa sektor ng manggagawa, dapat bigyang proteksyon ang mga unyon at kasapi nito mula sa demonisasyon ng estado. Sa kanayunan, dapat kilalanin ang mga organisasyon ng mga magsasaka't katutubo at itigil ang *red-tagging* at *terrorist-labeling* sa mga ito.

Partikular sa rehiyong TK, kailangang pigilan ang mga mapanirang proyektong pumipinsala sa kalikasan at nagdidisloka sa kabuhayan ng mamamayan. Unang-una na rito ang konstruksyon ng Kaliwa Dam Project sa bahaging Hilagang Quezon at Rizal na sinabayan ng matinding operasyong militar at panliligalig sa mga komunidad at baryong nasasaklaw nito. Dapat ding labanan ang pagpapahintulot sa *open pit mining* at ipagbawal ang malakihang pagmimina sa mga isla ng Palawan at Mindoro gayundin ang mga proyektong pang-enerhiyang sasagasa sa kabuhayan at kagalingan ng mga magsasaka't katutubong naninirahan dito at sa paligid.

Kung tunay ngang nasa puso ng mga lingkod bayan ang interes ng masang Pilipino, panghahawakan at paninindigan nila ang adyenda ng mamamayan at lalahok sa pakikibaka para isulong ito kahit pa kaharapin ang panggigipit ng estado. Malaki itong hamon at magiging sukatan ng lalim ng kanilang tunay at matapat na paglilingkod sa sambayanan. Sa mga nag-aagam-agam, magiging inspirasyon nila ang maalab na pakikibakang masa na nagpapakitang handa ang sambayanang Pilipino na lumaban para maisakatuparan ang kanilang pambansa-demokratikong adhikain.

Gayunman, hindi maaaring iasa sa reporma lamang ang ganap na kalutasan sa kaapihan at kahirapan ng mamamayang Pilipino. Para sa tunay na panlipunang transpormasyon tungo sa isang masagana't progresibong bansa, kinakailangang ipagtagumpay ng sambayanan ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Dapat puspusang makibaka at makidigma upang tamasahin ang tunay na kalayaan, demokrasya at kapayapaan.

*KILOS PROTESTA*



## 1,000 residente ng Brooke's Point, Palawan, nagprotesta laban sa mina

Nagtipon ang higit isang libong mamamayan ng Brooke's Point, Palawan sa harap ng munisipyo noong Abril 5 bilang protesta sa pagmimina ng Ipilan Nickel Corporation (INC).

Pumutok ang malaking protesta laban sa ganap na pagbabalik-operasyon ng INC sa bisa ng bagong *permit* na inilabas ng LGU noong 2021. Mula pa noong Enero aktibong kumilos ang iba't ibang personalidad at grupo sa bayan ng Brooke's Point para pagkaisahin ang mga mamamayan dito laban sa muling pagbabalik operasyon ng INC.

Isa si Pastor Job Lagrada sa nag-organisa ng mga pagkilos hanggang sa kulminasyon nito nitong Abril 5 kung saan higit sa isanlibo ang nagprotesta. Aniya, "Pursigido ang taumbayan na tuluy-tuloy na labanan ang INC lalo't nagpopondo ito ng mga pulitikong tumatakbo sa halalan ngayong taon."

Kung matatandaan, taong 2018 nang ipinatigil at ipinasara ng noo'y Mayor Mary Jean Feliciano ang INC. Naglabas siya ng *cease and desist order* at *demolition order* laban sa INC na nagpatigil sa operasyon nito. Pininsala ng nasabing minahan ang taniman ng mga magsasaka at nilason din nito ang pinagmumulan ng tubig ng bayan. Isang malaking perwisyo ang dala ng INC sa kabuhayan, kalusugan at kapaligiran ng mamamayan ng Brooke's Point.

Subalit noong Hulyo 2021, tinanggal ng Ombudsman sa posisyon si Feliciano dahil sa diumanong pag-abuso nito sa kapangyarihan nang ipasara ang INC noong 2018. Sinuspindi siya bilang alkalde at di makakatanggap ng sweldo sa buong panahon. Nangyari ito tatlong buwan lamang matapos ilabas ni Rodrigo Duterte ang EO 130 na tumapos sa 9-taong *moratorium* sa pagbubukas ng mga bagong minahan at nagbaliktad sa kanselasyon ng *permit* ng mga kumpanya ng mina na ipinatupad ni dating DENR Sec. Gina Lopez.

Si Vice Mayor Georjalyn Joy Quiachon na pumalit kay Feliciano ang nagbigay ng bagong *permit* sa INC sa katwirang "sumusunod sa batas ang kumpanya."

Ikinagagalit ng mga taga-Brooke's Point ang pagbabalewala ng LGU na pinamumunuan ni Quiachon sa malinaw nilang kahilingan na itigil ang pagmimina ng INC. Nagbunsod ito ng serye ng mga pagkilos na tinawag ni Quiachon na "bastos" o kawalang-galang *(disrespectful)*.

Kinakamkam ng INC ang 2,800 ektaryang lupa ng mga katutubo't magsasaka sa Barangay Ipilan, Brooke's Point sa Timog Palawan. Salarin din ang INC rin, kasabwat ang LGU, sa pagputol ng 50,000 puno sa saklaw ng kagubatang itinuturing na *protected zone* at panghihimasok sa *watershed area* na nagseserbisyo sa higit 20,000 mamamayan ng anim na barangay. Ang INC ay pagmamay-ari ng Lebach Mining Company.

# Ang pagdaluyong ng kilusang kabataan sa TK sa panahon ng Martial Law




Pinukaw ang mamamayang Pilipino na labanan ang panunupil ng rehimeng US-Marcos ng rebolusyong pangkultura at kilusang propaganda ng mga kabataan noong dekada 1960 na rumurok sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Nilampasan ng kilusang ito ang limitasyon ng nasyunalismo at anti-imperyalismo ni Claro M. Recto noong dekada 1950 na kumakatawan sa pambansang burgesya. Isinilang sa dekada 1960 ang isang uri ng nasyunalismo at anti-imperyalismo na rebolusyonaryo ang nilalaman, nagtataguyod ng simulain ng pambansang demokrasya at pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Huling bahagi ng dekada 1960 ay nakatayo na ang mga balangay ng Kabataang Makabayan (KM) at Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK) sa Timog Katagalugan (TK) na nanguna sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Hudyat ito ng pagdaluyong ng kilusang kabataan sa TK na pinanday sa pagharap sa diktadura at pagsusulong ng pambansa-demokratikong pakikibaka.

Sing-aga pa ng dekada 1960 ay nagbibinhi na ang kilusan ng mga kabataang estudyante sa University of the Philippines-Los Baños (UPLB). Tinututulan ng mga iskolar ng bayan ang paglahok ng Pilipinas sa malupit na gera ng imperyalismong US sa Vietnam at ang paggamit sa isang bahagi ng Bundok Makiling para subukan ang Agent Orange, isang *chemical defoliant*[1] na malawakang ginamit ng US sa Vietnam. Ang mga balangay ng KM at SDK ang nanguna sa pagpupundar at pagtatayo ng iba pang mga pambansa-demokratikong organisasyong masa sa iba't ibang pamantasan at sektor sa rehiyon.

**UPLB: Pagpupunyagi at pakikibaka para sa *academic freedom***

Nasa panimulang pagpapalawak at pagpapalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa TK noong ipataw ang Martial Law. Pinamunuan ng Komite ng Partido sa Timog Luzon ang pagsuong sa mahihirap na kalagayang luwal ng diktadura. Kaya naman hindi nasupil, bagkus ay higit na nag-alab ang apoy ng diwang palaban at makabayan ng pambansa-demokratikong kilusan sa rehiyon.

Nilukuban ng Martial Law ang mga pamantasan at sinikil ang *academic freedom*. Binuwag ang mga *student council* at *school publications* at ipinagbawal ang mga ligal na organisasyon ng mga estudyante. Kaalinsabay, idineklarang iligal ang mga pambansa-demokratikong organisasyon tulad ng KM. Pinangibabawan ito ng mga kabataang aktibista sa pamamagitan ng paglangoy sa mga tradisyunal at akademikong mga organisasyon sa pamantasan na kumikilos nang lihim at nang lumaon, ipinaglaban ang pagkilala sa mga *fraternity*, *sorority* at sosyo-kultural na mga samahan sa kampus. Naging malikhain sila upang patuloy na makapagmulat, mag-organisa at magpakilos ng kabataan sa batayan ng mga isyu ng kalayaang akademiko, pagsupil sa kalayaan sa pamamahayag at pagsusulong ng karapatan at kagalingan ng mga estudyante.

"Lagi rin kaming aktibo noon sa February Fair at Open House... talagang pagandahan ng mga *booth*, tipong may *lights effect* pa at kung anu-anong mga *exhibit*. Pinakapulitikal ang mga paksa sa mga *booth* ng mga *org* na makabayan, *artistic* at may kabuluhan—ika nga, *unity in form and content*," ani Ka Glenda, aktibista sa UPLB, Batch 1978.

Naging daluyan ang marami sa mga tradisyunal at akademikong organisasyon sa pamantasan ng progresibo at pambansa-demokratikong propaganda. Taong 1974, naitayo ang Council of Student Leaders na nanguna sa pakikibaka para sa *academic freedom* at pagbabalik ng *student council* at *school paper* sa buong pamantasan. Bibigyang-daan nito ang higit pang pagpapalawak ng mga pambansa-demokratikong pwersa at pagpapalaganap ng mga lihim na sirkulo ng pag-aaral hinggil sa pambansang demokrasya, Marxismo-Leninismo-Maoismo at demokratikong rebolusyon ng bayan. Maraming kabataan ang namulat sa pangangailangang maglunsad ng rebolusyon upang ibagsak ang mapaniil na diktadura.

**Pagpapalawak, higit na pagpapalakas sa labas ng pamantasan**

Maraming napaunlad na kabataang kadre at aktibista sa loob ng UPLB ang lumabas ng pamantasan upang mag-organisa ng kapwa estudyante. Sila ay nakipamuhay at nag-organisa rin sa hanay ng mga manggagawa't magsasaka. Nagtungo sila sa mga eskwelahan at kolehiyo sa Batangas, Cavite, Laguna at Quezon. Kabilang dito ang San Pablo City Colleges, Perpetual Colleges, Laguna Colleges, Union College at Laguna College of Business and Arts sa Laguna; Golden Gate Colleges, Western Philippine Colleges (na ngayo'y Batangas University), Lyceum of Batangas, Canossa College at de La Salle Lipa sa Batangas; at Luzonian University Foundation sa Quezon.

Kasama rin ang mga kabataang aktibista sa kwerpo ng mga kadreng nag-organisa sa mga pagawaan tulad ng Sunripe, Franklin Baker, Evertex at iba pang pagawaan sa *industrial belt* ng Laguna, Batangas, at *dessicated factories* at *oil mills* sa Quezon. Naabot din ng pagkilos ang mga komunidad ng mga magsasaka sa Calamba, Cabuyao, Sta. Rosa, Los Baños, Bay, Calauan, Victoria at Sta. Cruz sa Laguna gayundin ang mga mangingisda at mga maralitang komunidad sa Laguna de Bay.

Mula sa mga isyu sa loob ng pamantasan—pagsikil sa *academic*

*freedom*, paglaban sa mataas na matrikula at iba pang bayarin—niyakap at isinulong ng mga kabataang estudyante ang pakikibaka ng mga manggagawa't magsasaka.

"Ang isang mabilis na paraan para masustine ang pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kabataang estudyante sa UPLB ay 'yong mahusay na integrasyon ng mga estudyante sa kilusang anakpawis. Sa welga ng Cayco-Fernandez, lahat ng aktibista at kasapi ng Partido ay pinalahok sa welga at kasama sa piketlayn. Nang maranasan 'yong matinding panunupil na karaniwan noon, mabilis na namulat ang mga estudyante, daan-daan ang naiaangat sa kilusang lihim at maraming nag-*fulltime* sa kanayunan," kwento ni Ka Nap, organisador ng mga manggagawa sa Laguna noong Martial Law.

Sinuklian ng estado ang lumalakas na pakikibakang masa sa rehiyon ng ibayong karahasan—mararahas na dispersal sa mga mapayapang aksyong protesta, iligal na pag-aresto, tortyur, pagsalbeyds at mga sapilitang pagkawala. Kabilang sa mga ito ang kaso ng pagkawala ng 10 kabataang aktibista kabilang ang isang guro noong 1975 na tinaguriang Southern Tagalog 10[2]. Ngunit lalo nitong itinulak ang mga kabataang estudyante na makipamuhay sa uring anakpawis, o kaya'y kumilos nang *underground* at magtungo sa kanayunan. Kasama sila sa mga nagpundar ng mga unang sonang gerilya at nagtatag ng mga yunit ng Hukbong bayan sa TK.

Pagpasok ng dekada 1980, hindi na mapigilan sa buong bansa ang muling pagdaluyong ng malalaking protestang bayan. Sa panahong ito nakalatag na ang mas malakas na kilusan sa kalunsuran ng TK. Sunud-sunod ang mga welga sa mga pagawaan sa Laguna, Batangas at Quezon na nilalahukan din ng mga kabataan. Magtutuluy-tuloy ang sigla at lakas ng mga pakikibakang ito hanggang sa pagpapabagsak sa diktadurang Marcos sa Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 1986.

Iniluwal ng dumadaluyong na kilusan ng mga kabataan ang isang henerasyon ng mga kabataang proletaryo't rebolusyonaryo na higit na nagpalakas at nagbuhos ng bagong dugo sa lumalakas na kilusang rebolusyonaryo sa rehiyon at buong bansa. Marami sa kanila ang magigiting na nagbuwis ng buhay alang-alang sa dakilang mithiin ng rebolusyon at sa puspusang pakikihamok sa diktadura at ng mga sumunod na rehimen. Ngunit hindi nila ito inalintana dahil batid nilang ito ang tangi at nararapat na gawin sa harap ng isang mandarambong, anti-mamamayan at pasistang pangulong nananalasa sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Patuloy silang nagpunyagi at hinarap ang brutal na gera ni Marcos hanggang sa ito'y ganap na mapabagsak.

Limang dekada mula nang ipataw ni Marcos ang Martial Law, pilit na nirerebisa o binabago ng angkan ng pinatalsik na pasista at diktador ang malupit at madilim na bahagi ng kasaysayan sa ilalim ng pasistang paghahari at isinasantabi ang kabayanihan ng mga Pilipinong nakibaka sa diktadura, kabilang ang sektor ng kabataan at iba pang karaniwang mamamayan. Sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte, nauulit ang bangungot ng kahirapan at karahasan ng Martial Law ni Marcos. Kaya naman nananatili ang hamon para sa kasalukuyang henerasyon ng mga kabataan sa rehiyon at buong bansa na higit na papag-alabin ang diwa ng pagmamahal sa bayan at kapayapaan. Dapat linangin ng kabataan ang kritikal na pag-iisip, pag-aralan ang kasaysayan at lumahok sa pakikibaka ng masang anakpawis. Dapat tanganan ng kabataang Pilipino ang kanilang istorikong tungkulin na bigyang-lakas ang rebolusyon hanggang sa makamit ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

*Ikapito sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law ng diktadurang US-Marcos.*

1 *Defoliants - mga kemikal na pamuksang ginamit ng US sa gera nito sa Vietnam na sumisira at nangwawasak sa kalikasan at napaka-mapanganib sa lahat ng may buhay na nilalang*

2 *Para sa karagdagang impormasyon kaugnay sa ST 10, sumangguni sa "Malagim na karanasan, madilim na kasaysayan, Matinding paglabag sa karapatang tao ang dulot ng Martial Law ng diktadurang Marcos" Kalatas tomo 41, bilang 12, Disyembre 2021*

BANTAY KARAPATAN

## Mangyan-Buhid na tinortyur ng 4th IBPA, nagpakamatay

Nagpakamatay ang isang katutubong Mangyan-Buhid na residente ng Sityo Mantay, Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro matapos dumanas ng tortyur sa kamay ng mga pwersa ng 4th IBPA na nagkakampo sa mismong sityo.

Ipinatawag sa kampo ng mga sundalo ang biktima na kinilalang "Kaloy" nitong Abril upang imbestigahan hinggil sa paglikas ng mga residente ng Sityo Mantay. Tinanong siya kung sinu-sino sa kanyang mga ka-sityo ang umalis na at kung saan na tumira ang mga ito. Pinipilit din ang biktima na amining utos umano ng BHB ang pag-alis sa sityo.

Bawat tanong ng sundalo ay sinusundan ng isang putok ng baril sa gilid ng ulo ng biktima. Hindi kinaya ni Kaloy ang matinding takot na dinanas sa tortyur kaya't makalipas ang ilang panahon ay nagpakamatay.

Ito ang ikaapat na kaso ng pagpapakamatay ng isang katutubong Mangyan dahil sa karahasan ng mga sundalo sa nakaraang tatlong taon.

Nagsimulang magkampo ang mga tropa ng 4th IBPA sa Sityo Mantay noong Mayo 2020. Nagdusa ang mga residenteng Mangyan-Buhid sa buong panahon ng pagtigil ng mga sundalo sa lugar. Nagpataw ang mga pasista ng *curfew*, pagbabawal na magkaingin, paulit-ulit na interogasyon sa mga kalalakihan, sapilitan at walang bayad na pagpapatrabaho sa kampo, at pang-aabuso sa kababaihan.

# BHB-TK, binigwasan ang AFP-PNP sa mga labanan ngayong Abril

Sunud-sunod na aksyong militar ang naganap ngayong buwan kung saan binigwasan ng Melito Glor Command (MGC)-Bagong Hukbong Bayan-Timog Katagalugan (BHB-TK) ang mga pwersa ng 1st IBPA at 203rd Brigade sa Hilagang Quezon at Mindoro. Nagtala ang mga kaaway ng 15 kaswalti: 12 patay at tatlong sugatan.

Malinaw na desperado ang rehimeng US-Duterte na itulak ang *final push* upang durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa. Sa TK, katuwang ng nagpupunyaging mga Pulang mandirigma ng MGC ang masang anakpawis sa pagharap at pagbigo sa pinatinding operasyong militar.

**Quezon.** Buong giting na nilabanan ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB-Quezon ang mapanibasib na operasyong militar ng 1st at 80th IBPA sa Lubayat, Real noong Abril 17 at Umiray, Gen. Nakar noong Abril 18.

Aktibong nagdepensa ang mga Pulang mandirigma sa Lubayat nang makaengkwentro ang 1st IBPA ganap na 9:17 ng umaga. Dalawang sundalo ang agad na namatay sa unang bugso ng putukan. Nadagdagan ng isa pang sundalo ang napaslang sa kasunod na labanan bandang alas-tres ng hapon. Namartir sa unang labanan si Joel "Ka Wilfred" Pangilinan.

Matagumpay na taktikal na opensiba naman ang inilunsad ng BHB-Quezon sa Gen. Nakar noong Abril 18. Dalawang sundalo ang nasawi nang tamaan ng *command-detonated explosive* ng BHB bandang alas-dos ng hapon.

Naka-engkwentro rin ng isang yunit ng AMC ang magkasanib na tropa ng 1st at 80th IBPA bandang alas-3:30 ng hapon kung saan namartir sina Romnick "Ka Fighter" Gardose at Leo " Ka Andrew" Garcia.

Ang mga labanan ay resulta ng walang patlang, mabagsik at masinsing operasyong militar hanggang sa interyor na bahagi ng kabundukan ng Sierra Madre na pinagnanaasang pasukin ng mga dayuhang kapitalista. Pangunahin sa itinuturing nilang sagabal na dapat puksain ang BHB na malaon nang nagtatanggol sa Sierra Madre at mga komunidad dito.

"Kinasusuklaman ng mamamayan ng TK ang AFP na instrumento ng pang-aapi ng naghaharing-uri. Marubdob nilang hinahangad na parusahan ang mga pasistang sundalo. Isinisigaw nila ang pagpapanagot sa 202nd Brigade at sa mga amo nito sa panliligalig sa mamamayan at pangwawasak sa kalikasan," pahayag ng MGC-BHB-TK.

**Mindoro.** Bigo ang mga *strike operation* ng 203rd Brigade laban sa dalawang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC) - BHB-Mindoro ngayong buwan. Nagtamo ang mga pasista ng 10 kaswalti kung saan pito ang patay at tatlo ang sugatan sa mga sumalakay na sundalo't pulis.

Tagumpay na nagdepensa ang isang yunit ng LdGC na sinalakay ng 76th IBPA sa ilalim ni 1Lt. John Vincent L. Calopez sa Sityo Pitong Gatang, Brgy. Manguyang, Gloria, Oriental Mindoro noong Abril 17 bandang alas-sais ng umaga. Apat ang kaswalti, dalawang patay at dalawa ang sugatan sa pwersa ng 76th IBPA habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.



Samantala, noong Abril 25, ubos-kayang nilabanan ng isang iskwad ng LdGC ang pinagsanib na pwersa ng 4th IBPA, 76th IBPA, 68th IBPA at PNP-SAF sa tatlong magkakasunod na labanan sa Brgy. Iriron at Malpalon, bayan ng Calintaan, Occidental Mindoro.

Labis-labis na pwersa ang ginamit ng 203rd Brigade—mula sa pinagsanib na mga tropa ng apat na pangmaniobrang batalyon, dalawang tangke de-gera at dalawang helikopter nito upang tugisin at lipulin lamang ang naturang yunit na naglulunsad ng gawaing masa. Namartir sa unang bugso ng labanan si Irene "Ka Gisel" Carias, isang babaeng kabataang Pulang mandirigma mula sa katutubong Hanunuo-Mangyan.

Nasawi rin si G. Roberto Hallig, isang sibilyan na nakipagkita lamang sa kanyang kaibigan sa loob ng yunit ng BHB sa panahong iyon. Magiting na lumaban si G. Hallig sa mga pasista para ipagtanggol ang kanyang sarili at mga kasama hanggang sa siya'y mapaslang.

Gayunman, bigo ang mersenaryong tropa na durugin ang tim kung saan nagtamo ng limang patay at isang sugatan ang kaaway batay sa ulat ng masa. Binalingan ng talunang 203rd Brigade ang mga magsasaka't katutubo sa lugar. Nagpatupad sila ng *food blockade* at pagbabawal na magkaingin noong Abril 26 at 27 para diumanong "gutumin" ang mga hinahabol nilang Pulang mandirigma.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC, "Ang ibinuwis na buhay ni Ka Gisel at ni G. Hallig, kasama ng libu-libong martir ng rebolusyon ay nagbibigay inspirasyon sa marami pang masa ng sambayanan upang tumangan ng armas at isulong ang adhikain na pinagbuwisan nila ng buhay. Ang kahirapan at kaapihan ng mamamayang Mindoreño ay nagsisilbing matabang lupa sa ibayo pang paglakas ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan at ng armadong pakikibakang isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng absolutong gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)." K

# Pang-aaresto at panggigipit sa TK sa huling mga buwan ni Duterte

Apat na kaso ng iligal na pang-aaresto at dalawang insidente ng panghaharas sa mga aktibista ang iniulat sa Timog Katagalugan ngayong Abril. Bahagi ito ng tuluy-tuloy na pang-aatake ng AFP-PNP sa mamamayan sa ngalan ng kontra-rebolusyonaryong gera ni Duterte.

**Abril 10.** Sinabotahe ng 85th IBPA at 201st Brigade ang *medical mission* na inorganisa ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) sa Agdangan, Quezon.

Habang naghahanda ang mga *volunteer* na mga manggawang pangkalusugan at doktor sa ilulunsad ng KASAMA-TK na *medical mission*, nagpakana ang 85th IBPA na diumano *"joint medical mission"* sa pagitan ng mga sundalo at KASAMA-TK ang aktibidad subalit kagyat silang nalantad at kinundena ng mga magsasaka. Bilang ganti at dulot ng pagkapikon, bumaling ang mga pasista sa pangre*red-tag* at paninira sa *social media* sa KASAMA-TK at sa libreng klinikang bayan na itinayo nito. Hinarang din at kinutya ng mga sundalo ang mga magsasakang nais magpagamot. Kinagabihan, ininteroga pa ng 85th IBPA sa pangunguna ni Sgt. Jonathan Vender ang mga lumahok na magsasaka at *barangay health worker.*

**Abril 11.** Dinakip ng mga pwersa ng SOLCOM si Ernesto Lorenzo, *NDFP consultant* sa TK, habang nagpapabakuna kontra-COVID 19 sa Parañaque City. Kasamang inaresto ang isang nagngangalang Zenaida Marcellana Veluz at dalawa pa nitong kasama. Pansamantalang ipiniit sina Lorenzo at Veluz sa Camp Vicente Lim sa Canlubang bago inilipat sa regular na detensyon ng BJMP.

Si Lorenzo ay protektado ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at bahagi ng delegasyon ng NDFP sa negosasyon sa Utrecht, Netherlands. Pinalaya siya noong 2016 upang makalahok sa negosasyong pangkapayapaan. Samantala, pinalalabas ng mga berdugo na ang isa pang inaresto ay si "Rosita C. Serrano" na diumano'y pinuno ng PKP-BHB sa TK at may patong sa ulo na P5 milyon.

**Abril 23.** Hinaras ng 1st IBPA sa isang tsekpoynt sa Brgy. Gumian, Infanta ang *humanitarian team* na patungong General Nakar, Quezon. Sapilitang kinuha ng mga sundalo ang *vaccination card* at pagkakakilanlan ng tim. Labag ito sa mismong Comelec Resolution No. 10741 kung saan tanging *visual search* at pagtatanong hinggil sa ruta lamang ang maaaring gawin ng mga tauhan sa nakatayong tsekpoynt.

Ang tim ay magsisiyasat sa kalagayan at paglabag sa karapatang tao sa mga pamayanang apektado ng engkwentro sa pagitan ng 1st IBPA at yunit ng BHB-Quezon noong Abril 18 kung saan namatay sina Romnick "Ka Fighter" Gardose at Leo "Ka Andrew" Garcia. Sinamahan din ng tim ang mga kapamilya nina Gardose at Garcia na mag-uuwi sa labi ng mga namartir na Pulang mandirigma. Pinahirapan ng mga pasista ang tim at mga kaanak na makuha ang mga bangkay. K

# Kabuhayan ng mga taga-Quezon, damay sa *red-tagging* ng 85th IBPA

Malisyosyong tinatatakan ng 85th IBPA, 201st IBde at Southern Luzon Command ang ari-arian ng mga magsasaka sa Quezon na pagmamay-ari umano ng BHB sa huling bugso ng kampanyang panunupil at pagpapasuko sa probinsya.

Kalakhan sa mga biktima ay kasapi ng mga progresibong samahan ng mga magsasaka sa Quezon.

Noong unang linggo ng Abril, hindi bababa sa tatlong pamilya sa Barangay Progreso, Gumaca ang pinaratangang mga *supporter* ng rebolusyonaryong kilusan at diumano'y nakatira sa lupang pagmamay-ari ng BHB. Hindi sila tinantanan ng mga pasista sa kabila ng pagpapatotoo ng mga residenteng may titulo at lehitimong nagmamay-ari ng nasabing lupa.

Noong Abril 20 naman, pinresyur ng mga sundalo ang magsasakang si Vacion Arpia na ibenta ang kalabaw na nasa kanyang pangangalaga sa halagang P30,000. Tinakot si Arpia at binalik-balikan ng mga militar sa paratang na may kaugnayan siya sa BHB.



Pagmamay-ari ng tsapter ng Anakpawis sa Barangay San Vicente Kanluran, Catanauan ang naturang kalabaw na kaloob ng Provincial Agriculture Office sa samahan.

Sa bayan ng Lopez, galit na inireklamo ni Kagawad Berto Murillo at Calixto Merciales sa Sangguniang Barangay ng Ilayang Ilog A ang pagpapa-*blotter* sa kanila nina Sgt. Niño Barbaje, Justin Ochoa at Joshua Caballeros ng 85th IBPA noong Abril 22. Pinagdudahan ng mga sundalo na ang inaalagaang mag-inang kabayo nina Murillo at Merciales ay pagmamay-ari ng BHB.

"Walang katotohanan ang mga paratang ng 85th IB sa mga magbubukid ng lalawigan. Kailanman, walang pagmamay-aring lupa at mga hayop ang rebolusyonaryong kilusan. Ang pangyayaring ito ay isang anyo ng desperasyon at lansakang paggamit ng teror at malinaw na *red-tagging* sa masang magbubukid," pahayag ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC.

Ani del Mundo, naghahabol ang 85th IBPA at 201st IBde sa kanilang kampanyang pagpapasuko sa ngalan ng programang E-CLIP bago matapos ang termino ni Duterte.

"Marapat na ireklamo at labanan ng sambayanan ang ipinapatupad na serye ng *red-tagging* sa probinsya. Ginagawang gatasang baka ng mga militar ang mga sibilyan maging ang kanilang mga ari-arian upang gawing premyo't tropeyo sa pagtatapos ng termino ng kanilang amo na si Digong."

Nitong nakaraang taon, hindi bababa sa 3,000 kasapi ng Coco Levy Funds Ibalik sa Amin o CLAIM at iba pang kasapi ng mga progresibong samahan ang sapilitang pinasuko ng AFP-PNP sa probinsya. K

*BALITA*

# Bagsak-presyo ng sibuyas, pahirap sa mga Mindoreño

Luging-lugi ang mga Mindoreño sa pagsadsad ng presyo ng sibuyas sa isla mula sa dating higit P40 kada kilo tungong P8 lamang kada kilo, ayon sa mga magsasaka sa Magsaysay, Occidental Mindoro.

Samantala, iniulat ng Department of Agriculture (DA) na nasa P12-15 lamang ang kada kilo ng sibuyas, lubhang mababa kaysa P42 kada kilo na presyo noong 2021 sa Mindoro.

“Ang pagbagsak ng presyo ng sibuyas sa isla ng Mindoro ay epekto ng neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Duterte. Nagpapatupad ang reaksyunaryong gubyerno ng hindi kinakailangang importasyon ng sibuyas. Dagdag pa, hindi rin nasasawata ang ismagling o iligal na pagpasok ng mga sibuyas sa bansa. Nagreresulta ang mga ito sa sobrang suplay ng sibuyas sa merkado na labis na pumipinsala sa lokal na produksyon at sa mga magsasakang Pilipino,” pahayag ni Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro.

Sa kasong aralin ng NDFP-Mindoro, aabot sa abereyds na 4,200 kilo ng sibuyas ang aanihin ng isang magsasaka at nasa P57,590 ang gastos sa produksyon sa isang ektarya. Sa presyong P12 bawat kilo, may kabuuang benta ang magsasaka na P50,400, kulang pa ng P7,190 para maibalik ang kanyang puhunan.




Napakaliit naman ng kita sa presyong P15 bawat kilo. Aabot sa P63,000 ang pagbebentahan ng sibuyas kaya’t kikita lamang ng P5,410 matapos iawas ang gastos sa produksyon. Kapag hinati sa apat na buwang trabaho para makaani ng sibuyas ay lalabas na P1,352.50 lamang kada buwan ang kita ng mga magsasaka.

Pinakamalala ang kaso sa P8 kada kilo. Tatanggap lamang ang mga magsasaka ng P33,600—kapos ng P23,990 para bawiin ang P57,590 na gastos sa produksyon. Sa grabeng pagkalugi, hindi na nagbebenta ang ibang magsisibuyas hanggang sa mabulok na lamang ang kanilang ani.

Ang kalagayan ng magsisibuyas ay pinalalala ng umiiral na sistema ng arbitraryong pagpipresyo ng mga komprador at *traders* sa mga produktong agrikultural. Bukod dito ang pagdagsa ng mga murang dayuhang sibuyas sa pamilihan bunga ng walang patumanggang pag-iimport ng gubyerno. Dagdag ng NDFP-Mindoro, pahirap ang sistema ng ‘salandra’ kung saan hindi na binabayaran ng mga mamimili ang mga sibuyas na hindi pasok sa kanilang gustong sukat.

“Kailangang ilantad, tutulan, labanan hanggang maibasura ang mga neoliberal na patakarang patuloy na ipinapataw sa produksyong pang-agrikultura. Malulutas lamang ang problema ng mga magsisibuyas at ng masang magsasaka sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa kaakibat ng pambansang industriyalisasyon,” panawagan ng NDFP-Mindoro. K

KALATAS KOMIKS

# DIGMANG BAYAN

## SAGOT SA TERORISMO NG ESTADO

